


mga babala sa panahon ng konstruksiyon

(1) Pagtuunan ng pansin ang mga butas (manhole para sa pag-inspeksiyon)

Kung bukas ang manhole para sa pag-inspeksiyon, may panganib na mahuhulog. Kailangang maglagay ng mga karatula ng pagbukas, barandilya, at mga babalang karatula.




Babala sa pagbukas




(2) Mga pag-iingat kapag nagtatrabaho gamit ang rolling tower

Kapag nagtatrabaho gamit ang rolling tower, ilipat ito ayon sa lokasyon ng trabaho. May panganib na matumba ito kung ikaw ay sumandal at magtrabaho nang hindi makatwirang posisyon sa pagtrabaho. Tiyaking gumamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog).




(3) Mga pag-iingat kapag nagtatrabaho gamit ang mga aerial work na sasakyan

Kapag nagtatrabaho sa may mga dingding sa labas gamit ang aerial work na sasakyan, tiyaking gumamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog).



(4) Mga paunawa sa paggamit ng gondola

Kapag nagsasagawa ng pag-cladding gamit ang gondola, tiyaking gumamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog). Dapat na isasagawa ang operasyon ng gondola ng taong nakatapos ng natatanging edukasyon.




(5) Ipinagbabawal ang pagtrabaho gamit ang isang hagdan!

Ipinagbabawal ang pagtrabaho gamit ang isang hagdan. Sa pagtatrabaho, maaring mawalan ka ng balanse at mahulog. Gumamit ng mas ligtas na andamyo tulad ng nabibitbit na porma o rolling tower.



(6) Ang paggamit ng hagdan sa work platform ay mahigpit na ipinagbabawal

Ang paggamit ng hagdan sa ibabaw ng work platform ay mahigpit na ipinagbabawal. Gumamit ng ibang platform, tulad ng naililipat na workbench o rolling tower.



(7) Pagtanggap ng mga nakausli sa mga hindi diretsong bahagi (paggamit ng sander)

Sa trabahong pagtanggap ng mga nakusli at bubukol-bukol, atbp. sa hindi nakadiretsong bahagi gamit ang sander, may panganib na ang mga nakausli o bubukol-bukol atbp, ay tumalsik at tumama sa iyong mata. Para maiwasan ito, gumamit ng mga pamproteksiyon sa mata habang nagtatrabaho.



(8) Ang pagsubok na pagpapagana ng grinder at ang natatanging edukasyon

1. Ang pagpalit ng grinder disc at pagsubok na pagpapagana sa oras ng pagpapalit ay isinasagawa ang taong nakatanggap ng natatanging edukasyon sa kaligtasan at kalusugan.
2. Tiyaking magsagawa ng pagsubok na pagpapagana ng grinder.
 - i Isang minuto o higit pa bago simulan ang trabaho.
 - ii Tatlong minuto o higit pa kapag pinalitan ang grinding disc.
3. Tiyaking ang “maximum allowable speed” at “dimensions” na lumilitaw sa grindstone ay tumutugma sa makina.

